

# Malapit na ang mga mag-aaral sa elementarya

Anong uri ng buhay ang mayroon ang ika-1 na baitang ng elementarya?

Mayroong pagkakaiba-iba sa nilalaman depende sa paaralan, pero sa darating na Abril ay mabawasan na ang antas ng pagkakaiba-iba mula nursery schools at ng kindergartens.

Nagaalala ako sa tanghalian dahil may allergy ang aking anak.

Mangyaring sabihin sa guro ang allergy o degree ng allergy ng iyong anak dahil ang paaralan ay gumagawa ng isang manwal at tumutugon sa allergies.

Ang aking anak ay hindi interesado sa hiragana. Dapat ko bang ituro ito bago pumasok sa elementarya?

Alam na dapat nila ang mga letra bago pa makapasok sa elementarya. Mangyaring basahin ang libro at magpakita ng hiragana sa inyong anak bago sila pumasok sa elementarya. Magsanay mag sulat ng pangalan sa hiragana bago pa pumasok sa elementarya.



Magulang o tagapag-alaga



Guro

## Pangunahing kaganapan sa elementarya

★ Mag-enjoy sa buhay ng elementarya kasama ng iyong anak. ★

### ◆ Seremonya ng pagpasok ◆

Seremonya upang ipagdiwang ang pagpasok

- ☆ Mangyaring asahan ang seremonya kasama nang iyong anak.
- ☆ Ang mga magulang ay maaaring ding sumali sa seremonya.
- ☆ Mangyaring magsuot ng suit at lumahok sa seremonya.
- ☆ Mangyaring sumali nang tahimik.
- ☆ Mangyaring huwag abalihin ang ibang tao kapag kumukuha ng mga larawan at video.
- ☆ Mangyaring patayin ang iyong smartphone at lumahok sa seremonya.

### ◆ Pagbisita sa silid aralan ◆

Ito ay pagkakaataon na makita ang mga bata sa paaralan

- ☆ Mangyaring purihin ang iyong anak sa kanilang pagsisikap.
- ☆ Mangyaring panoorin nang tahimik ang klase.
- ☆ Asosasyon ng magulang ay magiging lugar para sa pagkolekta ng impormasyon.



### ◆ Araw ng palakasan ◆

Ehersisyong pagtatanghal

- ☆ Ang mga magulang ay maaaring makapanuod.
- ☆ Mangyaring purihin ang iyong anak sa kanilang pagsisikap.
- ☆ Sa oras ng tanghalian, ang mga bata ay kakain ng bento (lunch box) na gawa sa bahay kasama ang mga miyembro ng pamilya.



### ◆ Klase ng edukasyon pang bahay ◆

Pagkakaataon ng mga magulang na matutunan ang tungkol sa pagpapalaki ng anak

- ☆ Maaari kayong makakuha ng kapaki-pakinabang na impormasyon para sa pagpapalaki ng iyong mga anak o malutas ang iyong mga alalahanin.
- ☆ Aktibong makipag-usap at palawaking pa ang mga kakilala.



## ◆ Mga link na nauugnay sa pagtuturo sa bahay ◆

Suportang pag-aaral sa bahay, nabigasyong "Lumalaking malusog ang mga batang Ibaraki" Maaari kayong mag-access sa website na nasa ibaba mula sa mga link nakalagay.



### ★ Ministri ng edukasyon

- Gabay ng paaralan para sa mga dayuhang mag-aaral
- Koleksyon ng mga link upang suportahan ang pag-aaral para sa mga bata na galing sa ibang bansa

### ★ Board ng edukasyon ng Ibaraki prefecture

- Ang leaflet ng pagsuporta sa pagpasok sa nursery o paaralan (Bersyon 6 ng wika)

### ★ Ibaraki NPO Center - Commons

- Konsulta tungkol sa pagpunta sa paaralan o pagtatrabaho ng bata na galing sa ibang bansa

### ★ Ibaraki International Association

- Impormasyon ng buhay ng mga dayuhan
- Konsultasyon center ng mga dayuhan

### ★ Silid ng mapagkukunan - Pagsuporta sa mga batang dayuhan, Aichi University of Education

- Gabay sa mga internasyonal na pamilya - bago pumasok sa elementarya (bersyon ng buhay)
- Gabay na libro ng elementarya
- Gabay para sa junior high school, atbp.

Paglalathala : Marso 2021

I-edit : Unit ng pang-habang buhay na pag-aaral, General Administrative Division, Ibaraki Prefectural Board of Education  
 Promosyon dibisyon ng preschool na edukasyon at pagtuturo sa bahay  
 310-8588 (zip code) TEL 029-301-5132  
 978-6 Kasahara-cho, Mito-shi, Ibaraki prefecture

# Payo para sa paraan ng pagaalaga ng bata Clover (klouber)

## Bersyon sa wikang Tagalog

Para sa magulang o tagapag-alaga ng bata ng mababang paaralan hanggang ika-4 na baitang ng elementarya



## Ang mga magulang ay natututo sa pagiging magulang

人として、親として成長するために

失敗するのはあたりまえ!

Mangyaring isiping natural na mabigo!

Upang lumaki bilang isang tao at isang magulang

自分がしたことに取り組むこと!

Ipagmalaki ang iyong nagawa!

新しいことに挑戦!

Subukan ang mga bagong bagay!

Lahat ay nagiging magulang sa pagsilang ng isang bata.

Ang mga magulang ay lumalaki na pinalaki ng kanilang mga anak upang maging magulang".

Malalaman din ang mga magulang habang nagpapalaki ng mga anak.

## ★ Tungkol sa leaflet ★

- Ang leaflet na ito ay ginawa batay sa "Libro ng payo para sa pagaalaga ng bata - Clover" nai-publish noong Agosto, 2019.
- Maaari ninyong ma-access sa mobile site ng navigation para suportahan ng pagtuturo sa bahay "lumaking malusog ang mga batang Ibaraki" mula sa QR code sa kanan, at suriin ang higit pang mga detalyadong impormasyon.



Nabigasyon upang suportahan ang pagtuturo sa bahay



いばらきけんきょういくいんかい  
 茨城県教育委員会

Board ng edukasyon ng Ibaraki prefecture



## Maging sarili mo



Wala nang magagawa kaagad ang mga bata. Kung naniniwala ang magulang sa paglaki ng kanilang mga anak, tataas ang mga bagay na magagawa nila paunti unti.

Mangyaring huwag alisin ang mga paghihirap na kailangang mapagtagumpayan ng bata nang mag-isa.

Gayundin, hindi lamang kailangan ang pagbibigay ng payo, pati kinakailangang maghintay hanggang sa maipahayag niya ang kanyang sariling ideya.

## Ang pakiramdam na sundin ang mga patakaran



Malalaman at makukuha ng mga bata ang mga patakaran sa pamamagitan ng pagkilala, pagpuri, at pangaral ng kanilang mga magulang.

Dapat magpasya ang mga magulang at anak sa mga patakaran na nais nilang sundin nang magkasama, at kung hindi nila masunod, pag-isipang and dahilan ng magkasama.

At kung sinunod nila ang mga patakaran, mangyaring purihin sila.

## Matulog nang maaga, Bumangon ng maaga, Agahan



Sa pamamagitan ng pagbibilad sa araw at pag gawa ng mga aktibidad sa umaga ang hormone na tionatawag na melatonin ay nasi-synthesize sa gabi at makakatulog ng maayos sa gabi.

Ang mga bata na kumakain ng agahan araw-araw ay may posibilidad na magkaroon ng mas mataas na pang-akademiko at pisikal na lakas.

Una sa lahat, mangyaring baguhin ang iyong lifestyle mula sa ugaliing paggising ng maaga.

## Isipin ang papahalaga sa sarili



Mangyaring isaalang-alang ito bilang "personalidad" ng iyong anak kasama ang kanyang kalakasan at kahinaan. Ang mga nakatatanda at magulang mismo ay dapat magkaroon ng kamalayan na mayroong iba't-ibang halaga. Mangyaring purihin at kilalanin ang magagandang puntos sa iba't ibang mga sitwasyon.

Hindi lamang ang bata kundi pati na rin ang mga magulang mismo ay dapat na bumuo ng isang pakiramdam ng kumpirmasyon sa sarili.

## Pakiramdam na magpasya para sa iyong sarili



Ang kakayahang gumawa ng pagpapasya sa sarili ay kakayahang humusga at magpasya.

Ang mga mataas na pagpapasiya sa sarili ay ugaling magkaroon ng mataas na antas ng kasayahan.

Mangyaring gumawa ng kahit maliit na oportunidad para sa inyong anak na makapili at makapag desesisyon para sa kanilang mga saril.

## Komunikasyon

Magandang umaga!



Ang mga bata ay naglakaroon ng pakikipagtulungan sa pamamagitan ng pagmamasid sa mga magulang na nakikipagtulungan sa bawat isa. Magpakita ng halimbawa ang mga magulang na makisalamuha at magtaguyod ng mga relasyon sa iba pang tao.

May mga bata na hindi makalahok sa pangkat nang mag-isa. Kinakailangan din na maging malapit sa damdamin ng mga bata at maghintay nang hindi sila pinipilit.

## Paggamit ng media



Dapat malaman ng mga magulang at anak ang tungkol sa media tulad ng Internet.

Talakayin at magpasya ng mga patakaran para sa mahusay na paggamit ng kagamitan sa media sa bahay, at sundin ito kasama ang iyong pamilya.

Gayundin, ang mga magulang ay dapat na maging modelo sa paggamit nang media sa isang balanseng pamamaraan.

## Disiplina at pang-aabuso



Ang pagdedisiplina ay nangangailangan ng oras. Walang bata na maaaring gumawa ng kahit ano mula sa simula.

Ang disiplina at pang-aabuso ay magkakaiba. Ang pang-aabuso sa bata ay "pisikal, mental, karahasang sekswal, at kapabayaang sa bata".

Kung malalaman na naaabuso na niyo ang iyong anak, iwanan ang lugar o humingi ng tulong.



◆ Mayroon pang maraming detelyadong impormasyon tungkol sa pag-papalaki ng bata, tulad ng impormasyon ng bawat item at consultation desk!



Pag-access sa mobile site  
(Bersyon sa wikang Tagalog)

